# Araling Panlipunan Reviewer - Set D

1. Ang teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng _____ malalaki at maliliit na pulo.
    a. 7 101
    b. 7 190
    c. 7 641
    d. 7 601

2. Umaabot sa _____ kilometro kuwadrado ang lawak ng teritoryo ng ating bansa.
    a. 4 000
    b. 2 500
    c. 300 000
    d. 100 000

3. Nasa gawing _____ ng Pilipinas ang mga bansang Taiwan at Japan.
    a. hilaga
    b. kanluran
    c. silangan
    d. timog

4. _____ ang tawag sa pagtukoy ng lokasyon gamit ang mga bansa at bahaging tubig na nakapaligid dito.
    a. Relatibong lokasyon
    b. Pangunahing lokasyon
    c. Pangkaraniwang lokasyon
    d. Pambansang lokasyon

5. Kung ang Karagatang Pasipiko ay nasa gawing silangan ng bansa, ang West Philippine Sea naman ay nasa gawing _____ nito.
    a. hilaga
    b. kanluran
    c. silangan
    d. timog

6. Ang pinakamalapit na bansa sa hilaga ng Pilipinas ay _____.
    a. Indonesia
    b. Taiwan
    c. Brunei
    d. Vietnam

7. Humigit kumulang ilang kilometro kuwadrado ba ang lawak ng Pilipinas?
    a. 100 000

hunterswoodsPH.com

b. 200 000
c. 300 000
d. 400 000

8. Anong mga bansa ang nakapaligid sa bahaging hilaga ng Pilipinas?
    a. Malaysia, Vietnam, at Laos
    b. Cambodia at Thailand
    c. Taiwan, China, at Japan
    d. Indonesia, Taiwan, at China

9. Ilang kilometro kuwadrado ang lawak o laki ng teritoryo ng bansa?
    a. 1 107
    b. 1 851
    c. 7 641
    d. 300 000

10. Kung ang PANAHON ay tumutukoy sa pang-araw-araw na kalagayan ng atmospera, ano naman ang ibig sabihin ng KLIMA?
    a. init o lamig ng atmospera
    b. paggalaw ng hangin mula sa mababa patungo sa mataas na presyur
    c. taglay na halumigmig ng atmospera
    d. kondisyon ng panahon sa loob ng mahabang panahon

11. Ito ay isang patag na lupa sa pagitan ng dalawang bundok o burol.
    a. bulkan
    b. burol
    c. lambak
    d. talampas

12. Ito ay isang makitid na kanal na nag-uugnay sa dalawang malalaking anyong tubig.
    a. bukal
    b. ilog
    c. karagatan
    d. kipot

13. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa _____.
    a. ekwador
    b. mababang latitud
    c. mataas na latitud
    d. gitnang latitud

14. Ito ay anyong lupa na napapaligiran ng tubig.
    a. bundok
    b. kapatagan
    c. lawa
    d. pulo

hunterswoodsPH.com

15. Ang Pilipinas ay napapaligiran ng mga pangunahing anyong tubig gaya ng karagatan, dagat, golpo, tsanel, at kipot dahil ang bansa natin ay _____.
    a. isang malaking kontinente
    b. napapaligiran ng malalaking bansa
    c. isang kapuluan
    d. lahat ng nabanggit

16. Ang DRRMC ay ang ahensiyang nangangasiwa sa mga preparasyon para sa kaligtasan ng bawat mamamayan. Ano ang kahulugan ng acronym na DRRMC?
    a. Disaster Risk and Reduction Maintenance Council
    b. Disaster Risk Reduction and Management Council
    c. Disaster Reduction and Risk Management Council
    d. Disaster Risk Reduction and Management Corporation

17. Ang Pilipinas ay isang kapuluan o _____ na binubuo ng 7641 malalaki at maliliit na mga pulo.
    a. kontinente
    b. arkipelago
    c. topograpiya
    d. bulubundukin

18. Ang lindol ay hindi natutukoy kung kailan darating. Ito ay kusang nararanasan na lang sa isang lugar. Ang _____ ay dulot ng malakas na paglindol. Ito ay ang higit sa normal na lebel ng pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan.
    a. tsunami
    b. storm surge
    c. lindol
    d. hazard map

19. Ito ay malawak at patag na anyong lupa.
    a. talampas
    b. pulo
    c. kapatagan
    d. bulkan

20. Alin sa mga sumusunod na likas na yaman ang maaaring pagkunan ng enerhiyang pang-elektrisidad?
    a. Chocolate Hills sa Bohol
    b. Nacpan Beach sa El Nido, Palawan
    c. Maria Cristina Falls sa Iligan
    d. Dahican Beach sa Mati, Davao Oriental

21. Malaking pakinabang pang-ekonomiko ang mga likas na yaman ng isang bansa. Alin sa mga sumusunod na gawain ang nagpapakita ng wastong pangangalaga ng mga ito?
    a. pagtapon ng basura sa mga ilog
    b. paggamit ng dinamita sa pangingisda

hunterswoodsPH.com

c. pagputol ng malalaki at maliliit na punong kahoy
d. paggamit ng lambat na may malalaking butas sa pangingisda

22. Ang tanso ay halimbawa ng anong uri ng likas na yaman?
    a. yamang gubat
    b. yamang mineral
    c. yamang pangisdaan
    d. yamang pansakahan

23. Kadalasan ito ay nararanasan tuwing tag-init at nagiging sanhi ng pagkatuyo ng mga lupang tinatamnan ng mga magsasaka.
    a. kaingin
    b. La Niña
    c. El Niño
    d. taglagas

24. Ang mga sumusunod ay paraan ng panghuhuli ng isda sa dagat. Isa sa mga ito ay ang dahilan ng pagkasira ng tahanan ng mga isda sa ilalim ng dagat. Alin ito?
    a. Paggamit ng bingwit sa panghuhuli ng isda
    b. Paggamit ng tamang sukat ng lambat sa panghuhuli ng isda
    c. Paggamit ng dinamita upang mas maraming isda ang mahuli
    d. Paggamit ng underwater sonar at radars sa paghahanap ng isda

25. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa samahan o organisasyong politikal na ang layunin ay mapanatili ang kaayusan at magtatag ng isang sibilisadong lipunan.
    a. bansa
    b. mamamayan
    c. kapangyarihan
    d. pamahalaan

26. Aling gawain ang nagpapakita ng tamang tungkulin ng isang opisyal ng pamahalaan?
    a. pagpili ng mga taong tutulungan sa panahon ng kalamidad
    b. pagprotekta sa mga maling gawain ng mga kaibigan
    c. pagnanakaw ng badyet sa isang proyekto
    d. pagpapatupad sa mga programa ng gobyerno para sa kabutihan ng mga mamamayan

27. Dito dumudulog ang sinumang tao na hindi sumasang-ayon sa anumang desisyon ng mabababang hukuman.
    a. Kapulungan ng mga Kinatawan
    b. Korte Suprema
    c. Sangay ng Tagapagpaganap
    d. Senado

28. Ito ang sangay ng pamahalaan na gumagawa ng mga batas at binubuo ng dalawang kapulungan.
    a. ehekutibo

hunterswoodsPH.com

b. lehislatibo
c. hudikatura
d. mahistrado

29. Ito ang mataas na kapulungan ng sangay na tagapagbatas.
    a. Korte Suprema
    b. Kapulungan ng mga Kinatawan
    c. Senado
    d. Gabinete

30. Pinamumunuan ng _____ ng bansa ang Sangay na Tagapagpaganap.
    a. pangulo
    b. mga senador
    c. mga kongresista
    d. punong mahistrado

31. Kapag may pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan, maaaring maiwasan ang _____.
    a. pananakop ng ibang bansa
    b. pagmamalabis sa kapangyarihan
    c. pakikipag-ugnayan sa ibang bansa
    d. pangingibang-bayan ng mga mamamayan

32. Anong kagawaran ang may tungkuling magbigay ng libreng gamot at tumugon sa mga isyung pangkalusugan tulad ng mga pandemya?
    a. Department of Social Welfare and Development (DSWD)
    b. Department of Labor and Employment (DOLE)
    c. Department of Agriculture (DA)
    d. Department of Health (DOH)

33. Aling ahensya ng pamahalaan ang siyang nangangasiwa upang maisulong ang mas mahusay na edukasyon sa bansa?
    a. Kagawaran ng Kalusugan
    b. Kagawaran ng Edukasyon
    c. Kagawaran ng Pananalapi
    d. Kagawaran ng Turismo

34. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing lakas at tagapagtanggol ng bansa laban sa mga mananakop?
    a. Sandatahang Lakas ng Pilipinas
    b. Pambansang Pulisya ng Pilipinas
    c. Kagawaran ng Tanggulang Pambansa
    d. lokal na pamahalaan

35. Layunin ng programang ito na mapaunlad ang kabuhayan at pagkakataon para makapagtrabaho sa mga partikular na lugar na may kaguluhan.
    a. PAMANA

huntersw oodsPH.com

b. ZAMBASULTA
c. Edukasyon Para sa Lahat
d. Programang K to 12

36. Bakit itinataguyod ng Pilipinas ang Edukasyon para sa Lahat (Education for All)?
    a. upang mayroon silang programang naitaguyod
    b. upang ipagmayabang na ang lahat na Pilipino ay nakapag-aral
    c. upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon ng bawat Pilipino, bata o matanda
    d. Upang ipakita na matalino at magaling ang mga Pilipino pagdating sa edukasyon

37. Tuwing umuulan, nahihirapang mamalengke ang mga taong nakatira sa mga lugar na malapit sa ilog. Gusto ng inyong kapitan na magpatayo ng tulay. Anong ahensya ng pamahalaan ang makatutulong sa proyektong ito?
    a. Kagawaran ng Pampublikong Tulay
    b. Kagawaran ng Katarungan
    c. Kagawaran ng Kalusugan
    d. Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan

38. Ang mga ito ang katulong ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga programa at serbisyong pang-ekonomiya at pang-impraestruktura.
    a. kagawaran
    b. lingkurang-bayan
    c. ekonomiya
    d. impraestruktura

39. Aling ahensya ng pamahalaan ang naatasang tumulong sa mga batang inabuso, inabandona, mga nasa lansangan at mga nasa mapanganib na sitwasyon?
    a. Kagawaran ng Katarungan
    b. Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan
    c. Komisyon ng Karapatang Pantao
    d. Sandatahang Lakas ng Pilipinas

40. Sino sa mga sumusunod ang maituturing na mamamayang Pilipino?
    a. si Ana na isinilang sa Amerika
    b. si Maria na ang ama at ina ay kapwa mga Pilipino
    c. si Carlos na anak ng mag-asawang Hapones na matagal nang naninirahan sa Pilipinas
    d. si Donna na ang ama ay Chinese at ang ina ay Vietnamese na may malaking negosyo sa Pilipinas

41. Ayon sa ating batas, maaaring mawala ang pagkamamamayan sa pamamagitan ng mga sumusunod, MALIBAN sa isa.
    a. Nakamit lamang niya ang kanyang pagka-Pilipino sa pamamagitan ng naturalisasyon.
    b. Naglingkod siya sa Sandatahang Lakas ng ibang bansa.
    c. Sumumpa siya ng katapatan sa Saligang Batas ng ibang bansa pagsapit ng 21 taong gulang.
    d. Naging naturalisadong mamamayan siya ng ibang bansa.

hunterswoodsPH.com

42. Ito ang proseso ng pagiging mamamayan ng isang dayuhan ayon sa batas.
    a. naturalisasyon
    b. jus sanguinis
    c. jus soli
    d. lokalisasyon

43. May dalawang prinsipyo ng likas na pagkamamamayan ayon sa kapanganakan: ang _____ at _____.
    a. likas at naturalisado
    b. jus sanguinis at jus soli
    c. katutubo at naturalisado
    d. jus sanguinis at jus naturale

44. Sa anong uri ng karapatan nabibilang ang karapatang politikal, sibil, panlipunan at pangkabuhayan, at karapatan ng nasasakdal?
    a. karapatang likas
    b. karapatang ayon sa batas
    c. karapatang pangkatutubo
    d. karapatang konstitusyonal

45. Hindi pinayagan si Dan na magpiyansa o magbayad para sa kanyang pansamantalang kalayaan nang siya ay ikulong sa kasong pananakit. Anong karapatan ni Dan ang nilabag?
    a. karapatang sibil
    b. karapatan ng isang bata
    c. karapatang pangkabuhayan
    d. karapatan ng nasasakdal

46. Ang karapatang pumili ng relihiyon ay isang _____.
    a. karapatang panlipunan
    b. karapatang pangkabuhayan
    c. karapatan ng nasasakdal
    d. karapatang politikal

47. Bakit tinawag na arkipelago ang bansang Pilipinas?
    a. Ito ay nakaharap sa Karagatang Pasipiko.
    b. Ito ay binubuo ng tatlong malalaking pulo.
    c. Ito ay napapalibutan ng mga mayayamang bansa.
    d. Ito ay binubuo ng maraming maliliit at malalaking mga pulo na napapalibutan ng tubig.

48. Bilang isang bansang nasakop ng Espanya, ano ang naging pinakamalaking pamana ang kanilang iniwan sa Pilipinas?
    a. edukasyon
    b. ekonomiya
    c. relihiyon
    d. sandatahang lakas

hunterswoodsPH.com

49. Sa aling direksyon ng Pilipinas matatagpuan ang Dagat Timog Tsina (South China Sea)?
    a. hilaga
    b. timog
    c. silangan
    d. kanluran

50. Ayon sa teoryang ito, nabuo ang mga kalupaan ng Pilipinas mula sa pagputok ng mga bulkan sa ilalim ng karagatan.
    a. teorya ng continental drift
    b. teorya ng tulay na lupa
    c. teorya ng ebolusyon
    d. teorya ng bulkanismo

51. Sila ay naniniwala na ang Pilipinas ay mula sa libag ng katawan ni Melu, na kanilang Diyos.
    a. Badjao
    b. Bagobo
    c. Igorot
    d. Manobo

52. Ang teoryang nagsasabi na ang unang pangkat ng tao sa Pilipinas ay nagmula sa Timog-Silangang Asya.
    a. teoryang Austronesian Migration
    b. teoryang Core Population
    c. teoryang Nusantao
    d. teoryang Wave Migration

53. Siya ang lumikha sa mga sinaunang Pilipino ayon sa relihiyon.
    a. Babaylan
    b. Datu
    c. Diyos o Allah
    d. Lakan

54. Ayon kay Peter Bellwood, ang mga Austronesyanong ninuno ng mga Pilipino ay nagmula sa _____.
    a. Taiwan
    b. Mehiko
    c. Amerika
    d. Saudi Arabia

55. Sa anong panahon natutunan ng mga sinaunang tao ang paggamit ng mga tinapyas na batong magaspang?
    a. Panahong Neolitiko
    b. Panahong Paleolitiko
    c. Maagang Panahon ng Metal
    d. Maunlad na Panahon ng Metal

hunterswoodsPH.com

56. Ano ang tawag sa pinakamataas na antas ng tao sa lipunang Tagalog at Bisaya?
    a. alipin
    b. timawa
    c. maginoo o datu
    d. manggagawa

57. Alin dito ang paraan para mapalakas at mapagtibay ang kasunduan ng bawat barangay?
    a. pananakop
    b. pagbili o pagbabayad
    c. sanduguan
    d. pag-eespiya

58. Sa aling panahon natutong magsaka at maghayupan ang mga Pilipino?
    a. Panahong Paleolitiko
    b. Panahong Neolitiko
    c. Panahon ng Metal
    d. Wala sa mga ito

59. Sa aling panahon naging permanente o sedentaryo ang paninirahan ng mga tao?
    a. Panahong Paleolitiko
    b. Panahong Neolitiko
    c. Panahon ng Metal
    d. Wala sa mga ito

60. Ang mga sumusunod ay maaaring paraan para maging isang datu maliban sa isa. Alin ito?
    a. pumasa sa pagsusulit ng datu
    b. anak o galing sa angkan ng mga datu
    c. nakapangasawa ng isang anak ng datu
    d. matapang, matalino, at nagmana ng mga kayamanan

61. Ang mga kababaihang nagsisilbing mga espirituwal na pinuno sa sinaunang pamayanang Pilipino ay tinatawag na _____.
    a. katalonan
    b. sanduguan
    c. timawa
    d. namamahay

62. Naging tanyag ang mga Pilipino noon dahil sa mga gawaing ito maliban sa isa. Ano ito?
    a. pagpapalayok
    b. paghahabi
    c. paggawa ng sasakyang pandagat
    d. paggawa ng kasangkapang elektroniks

63. Kung ikaw ay nabuhay noong pre-kolonyal at ang iyong trabaho ay paggawa ng mga sandata mula sa bakal, ano ang tawag sayo?

hunterswoodsPH.com

a. karpintero
b. latero
c. mason
d. panday

64. Ano ang tawag sa tagapayo at katulong ng sultan sa pagpapatupad ng batas?
    a. Adat
    b. Hariraya
    c. Ruma Bichara
    d. Zakat

65. Alin sa mga sumusunod ang HINDI inihahanda ng pamilya para sa kanilang miyembro na yumao at ililibing?
    a. paglilinis sa katawan
    b. pagpapadala ng pera at pagkain
    c. pagbibihis ng magarang kasuotan
    d. paglalagay ng langis sa katawan

66. Nagbubuklod-buklod ang mga barangay at bumubuo ng alyansa sa pamamagitan ng _____.
    a. pagdiriwang
    b. pag-iinuman
    c. paligsahan
    d. sanduguan

67. Isang relihiyong naniniwala sa iisang Diyos na tinatawag na Allah.
    a. Islam
    b. Animismo
    c. Hudaismo
    d. Kristiyanismo

68. Siya ang itinuturing na kauna-unahang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.
    a. Janjalani Abdulah
    b. Rajah Baginda
    c. Sharif Kabungsuan
    d. Tuan Masha'ika

69. Ang relihiyong Islam ay dala ng mga _____ na Arabong Muslim.
    a. maglalayag
    b. mangangalakal
    c. manggagamot
    d. manggagalugad

70. Sino ang pinuno ng Cebu na bininyagan bilang tanda ng pagiging Kristiyano?
    a. Lapu-Lapu
    b. Rajah Humabon
    c. Rajah Kolambu

huntersvoodsPH.com

d. Rajah Sulayman

71. Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay taglay na ng mga sinaunang Pilipino ang mga sumusunod na maipagmamalaki natin ngayon maliban sa isa. Ano ito?
    a. awit at sayaw
    b. katapangan
    c. pananampalatayang Kristiyano
    d. paraan ng pagsulat

72. Kailan nagsimulang palaganapin ang relihiyong Kristiyanismo sa bansa?
    a. pagdating ng mga Hapon
    b. pagdating ng mga Espanyol
    c. pagdating ng mga Amerikano
    d. pagdating ng mga Austronesyano

73. Sino ang unang itinalagang pinuno ng Pwersang Militar ng Espanya sa Maynila?
    a. Andres de Urdaneta
    b. Ferdinand Magellan
    c. Martin de Goiti
    d. Rajah Matanda

74. Sa pananakop ng mga Espanyol, ang simbolo ng hukbong sandatahan ay ang _____.
    a. espada
    b. ginto
    c. krus
    d. pera

75. Sa paggawa ng seremonya, ano ang ginamit ng mga Espanyol kapalit ng mga bagay sa kalikasan?
    a. imahen ng Pari
    b. imahen ng Gobernador
    c. imahen ng Santo at Santa
    d. imahen ng Hari ng Espanya

76. Ang taunang quota ng mga produkto sa mga lalawigan na kailangang ibenta ng mga katutubo mula sa kanilang sakahan o ani ay tinatawag na _____.
    a. bandala
    b. encomienda
    c. falla
    d. tributo

77. Sino-sino ang nagtatrabaho sa *Polo Y Servicio*?
    a. ang mga babaeng walang asawa
    b. ang mga hindi lumipat sa poblacion
    c. ang mga lalaking walang asawa
    d. ang mga lalaking 16 hanggang 60 taon

hunterswoodsPH.com

78. Ang _____ ay isang uri ng buwis na ibinabayad ng mga Pilipino mula sa kanilang sariling produkto o ani.
    a. bandala
    b. galyon
    c. polo y servicio
    d. tributo

79. Ito ang tawag sa banal na digmaang inilulunsad ng mga Muslim upang ipagtanggol ang kanilang relihiyon at paraan ng pamumuhay.
    a. bandala
    b. comandancia
    c. jihad
    d. polo y servicio

80. Ang _____ ay dulang may kinalaman sa buhay ni Kristo.
    a. korido
    b. moro-moro
    c. sarsuwela
    d. senakulo

81. Sino ang namuno sa pag-aalsang nangyari sa Kalinga noong 1785 laban sa monopolyo sa tabako?
    a. Lagutao at Baladdon
    b. Magalat
    c. Sumuroy
    d. Tamblot

82. Ito ang banal na digmaan ng mga Muslim.
    a. bandala
    b. jihad
    c. moro-moro
    d. pangangayaw

83. Sina _____ ay lumaban sa Simbahang Katolika ng Leyte at nagtayo ng mga dambana para sa mga anito.
    a. Agustin Sumuroy at Pedro Ambaristo
    b. Datu Bancao at ang babaylan na si Pagali
    c. Diego at Gabriela Silang
    d. Rajah Sulayman at Lakandula

84. Si _____ ang namuno sa pag-aalsa sa Mexico, Pampanga laban sa sapilitang paggawa sa mga galyon at sa hindi pagbabayad ng pamahalaan sa mga biniling palay mula sa mga magsasaka.
    a. Agustin Sumuroy
    b. Francisco Dagohoy
    c. Francisco Maniago

huntersswoodsPH.com

d. Pedro Ambaristo

85. Si _____ ay namuno ng isang pag-aalsa laban sa mga Espanyol dahil tinanggihan siyang maging pari at hindi kinilala ang kanyang samahang Confradia de San Jose.
    a. Agustin Sumuroy
    b. Francisco Maniago
    c. Hermano Pule (Apolinario dela Cruz)
    d. Tapar

86. Bakit nag-alsa sa mga Espanyol si Hermano Pule?
    a. dahil gusto niyang ibalik ang dating relihiyong katutubo
    b. dahil tinanggihan siyang maging pari sa kadahilanang siya ay isang katutubo
    c. dahil tinanggihan ng isang pari na mailibing sa Kristiyanong pamamaraan ang kanyang kapatid
    d. dahil kinumpiska ang kanyang mga ari-arian ng mga Espanyol

87. Alin ang hindi naging salik sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino?
    a. Pagbukas ng Suez Canal
    b. Pagdating ng liberal na kaisipan sa Pilipinas
    c. Pagbayad ng buwis
    d. Pag-alsa sa Cavite

88. Kailan nabuksan ang Suez Canal?
    a. 17 Nobyembre 1869
    b. 31 Disyembre 1869
    c. 17 Pebrero 1872
    d. 12 Hunyo 1898

89. Anong pahayagan ang itinatag ni Graciano Lopez Jaena?
    a. Diaryong Tagalog
    b. La Solidaridad
    c. Kalayaan
    d. Katipunan

90. Sino ang Gobernador Heneral noong nagkaroon ng pag-alsa sa Cavite at naghatol ng kamatayan sa pamamagitan ng garote sa mga paring GOMBURZA?
    a. Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre
    b. Gobernador Heneral Jose Basco
    c. Gobernador Heneral Primo de Rivera
    d. Gobernador Heneral Rafael Izquierdo

91. Anong rebolusyon noong 1789 ang nagbigay inspirasyon kay Andres Bonifacio?
    a. American Revolution
    b. Cuban Revolution
    c. French Revolution
    d. Mexican Revolution

huntersswoodsPH.com

92. Ano ang pahayagang itinatag ni Marcelo del Pilar noong 1882?
    a. Diyaryong Tagalog
    b. Kalayaan
    c. Kartilya
    d. La Solidaridad

93. Siya ang tinaguriang Utak ng Katipunan.
    a. Andres Bonifacio
    b. Apolinario Mabini
    c. Emilio Aguinaldo
    d. Emilio Jacinto

94. Ano ang lihim na kilusan na naglalayong wakasan ang pananakop ng mga Español sa pamamagitan ng puwersa o lakas?
    a. Katipunan
    b. La Liga Filipina
    c. Propaganda Movement
    d. Sekularisasyon

95. Kailan nadiskubre ang Katipunan?
    a. Hulyo 3, 1892
    b. Hulyo 6, 1892
    c. Hulyo 7, 1892
    d. Agosto 19, 1896

96. Sino ang katipunerong nagbunyag sa lihim na samahan?
    a. Apolonio de la Cruz
    b. Emilio Aguinaldo
    c. Mariano Gil
    d. Teodoro Patiño

97. Ang walong lalawigan na nag-alsa noong panahon ng himagsikan ay ang Cavite, Laguna, Maynila, Bulacan, Tarlac, Batangas, Pampanga, at _________.
    a. Mindoro Oriental
    b. Nueva Ecija
    c. Nueva Vizcaya
    d. Quezon

98. Siya ang kinikilalang Lakambini ng Katipunan.
    a. Gabriela Silang
    b. Gregoria de Jesus
    c. Marcela Agoncillo
    d. Tandang Sora

99. Sino ang nahalal bilang Pangalawang Pangulo sa Kumbensiyon sa Tejeros?

hunterswoodsPH.com

a. Andres Bonifacio
b. Artemio Ricarte
c. Emilio Aguinaldo
d. Mariano Trias

100. Sino ang manunulat at abogado na kasama ni Jose Rizal sa samahang La Liga Filipina at naging patnugot ng diyaryong *La Solidaridad*?
a. Graciano Lopez Jaena
b. Marcelo H. del Pilar
c. Juan Luna
d. Andres Bonifacio

101. Siya ang nagtatag ng samahang La Liga Filipina at sumulat ng mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo.
a. Andres Bonifacio
b. Apolinario Mabini
c. Emilio Aguinaldo
d. Jose Rizal

102. Tumanggap ng pera mula sa mga Kastila si Emilio Aguinaldo, na aniya'y plano niyang ibibili ng mga armas na gagamitin pagbalik niya sa Pilipinas upang ipagpatuloy ang himagsikan. Magkano ang kanyang natanggap?
a. ₱200,000
b. ₱400,000
c. ₱800,000
d. ₱900,000

103. Isa siya sa mga kauna-unahang kababaihan na nagpatala noong bilang Katipunerang handang tumulong sa pakikidigma. Maliban sa pagbigay abuloy sa samahan upang sila'y makabili ng mga sandatang pandigma, nagsilbi din siyang kalihim nito at nanguna sa pamamahala sa mga proyektong pinansiyal na tumutustos sa mga gawain ng Katipunan.
a. Josefa Rizal
b. Marina Santiago
c. Melchora Aquino
d. Teresa Magbanua

104. Sa pagtatag ni Emilio Aguinaldo ng pamahalaang Pilipino, naging pinunong tagapayo niya si _____.
a. Apolinario Mabini
b. Gregorio del Pilar
c. Julian Felipe
d. Pedro Paterno

105. Ano ang naging hudyat sa pagsisimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano?
a. ang Kasunduan sa Paris
b. ang pagdeklara ng kalayaan ni Emilio Aguinaldo

hunterswoodsPH.com

c. ang pagpatay ng sundalong si William Grayson ng isang kawal na Pilipino
d. ang pagbomba ng Pearl Harbor

106. Siya ang may patakarang "Ang Pilipinas ay Para sa mga Pilipino."
a. Douglas MacArthur
b. Elwell Otis
c. George Dewey
d. Willam Howard Taft

107. Sino ang Pangalawang Pangulo ng Pamahalaang Komonwelt?
a. Claro M. Recto
b. Manuel L. Quezon
c. Manuel Roxas
d. Sergio Osmeña Sr.

108. Noong 1901 may dumating na 600 gurong Amerikano na itinalaga sa iba't ibang pampublikong paaralan upang magturo sa mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat at aritmetika. Bakit sila tinawag na Thomasites?
a. dahil sila ay mga sundalo
b. dahil sakay sila sa barkong USS Thomas
c. dahil nagturo sila sa Unibersidad ng Sto. Tomas
d. dahil nagkataon na marami sa kanila ang may pangalan na Thomas

109. Sino ang Pangulo ng Pilipinas noong sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
a. Emilio Aguinaldo
b. Manuel L. Quezon
c. Jose P. Laural
d. Sergio Osmeña Sr.

110. Ito ang programang nais ipalaganap ng mga Hapones.
a. Belt and Road Initiative
b. Greater East Asia Co-Prosperity Sphere
c. Land of the Rising Sun
d. United Nations

111. Lider ng HUKBALAHAP
a. Jesus Lava
b. Jose Banal
c. Luis Taruc
d. lahat ng nabanggit ay tama

112. Sinong pangulo ang kinikilala bilang "Kampeon ng Masa" dahil sa pagiging malapit niya sa mga ordinaryong tao, pagbukas ng Malacañang para sa lahat, at paniniwalang "kung ano ang nakabubuti sa karaniwang tao ay makabubuti din sa bansa"?
a. Carlos P. Garcia
b. Ferdinand E. Marcos

hunterswoodsPH.com

c. Manuel A. Roxas
d. Ramon Magsaysay

113. Sinong Pilipino ang naging presidente ng United Nations General Assembly at nanalo ng Pulitzer Prize for Correspondence?
a. Benigno Aquino Jr.
b. Corazon Aquino
c. Carlos P. Garcia
d. Carlos P. Romulo

114. Ano ang ibig sabihin ng salitang *warrant of arrest*?
a. Ito ay inilalabas ng huwes ng korte na nagpapahintulot sa pag-aresto ng isang indibidwal.
b. Ito ay inilalabas ng pulis na nagpapahintulot sa pag-aresto ng isang indibidwal.
c. Ito ay inilalabas ng punong-barangay na nagpapahintulot sa pag-aresto ng isang indibidwal.
d. Ito ay isang imbitasyon para sa pagtitipon sa bahay ng isang indibidwal.

115. Isa siyang senador na isiniwalat ang mga kamalian ng rehimeng Marcos tulad na lamang ng ma-anomalyang kontrata, kung kaya't tinagurian siyang "Nation's Fiscalizer". Malubha siyang nasugatan sa Plaza Miranda Bombing. Inaresto siya at inakusahang kasabwat sa mga nagpaplanong patayin si Marcos.
a. Lorenzo Tañada
b. Benigno "Ninoy" Aquino
c. Joker Arroyo
d. Jovito Salonga

116. Ano ang pangalan ng pinakamalakas na bagyo sa kasaysayan na tumama sa Pilipinas noong 2013?
a. Bagyong Linda
b. Bagyong Yolanda
c. Bagyong Yvette
d. Bagyong Ruping

117. Ito ay ang suliraning nakakasira sa kaisipan at kinabukasan ng mga taong nahuhumaling dito.
a. droga
b. kahirapan
c. kalamidad
d. korapsyon

118. Alin sa mga sumusunod ang programa ni Pangulong Ramos?
a. Philippines 2000
b. Expanded Value Added Tax
c. JEEP
d. 4Ps

huntersswoodsPH.com

119. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa paglutas ng mga suliranin sa kapaligiran?

a. magbayad ng buwis
b. magtanim ng mga punong kahoy sa bundok
c. magsimba tuwing araw ng Linggo
d. makinig sa mga balita sa radio

120. Sino sa sumusunod ang tinatawag na “hitanong dagat” (o sea gypsies)?

a. Badjao
b. Gaddang
c. Ivatan
d. Tausug

huntersswoodsPH.com

## Answer Key

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. c | 26. d | 51. b | 76. a | 101. d |
| 2. c | 27. b | 52. b | 77. d | 102. b |
| 3. a | 28. b | 53. c | 78. d | 103. b |
| 4. a | 29. c | 54. a | 79. c | 104. a |
| 5. b | 30. a | 55. b | 80. d | 105. c |
| 6. b | 31. b | 56. c | 81. a | 106. d |
| 7. c | 32. d | 57. c | 82. b | 107. d |
| 8. c | 33. b | 58. b | 83. b | 108. b |
| 9. d | 34. a | 59. b | 84. c | 109. b |
| 10. d | 35. b | 60. a | 85. c | 110. b |
| 11. c | 36. c | 61. a | 86. b | 111. d |
| 12. d | 37. d | 62. d | 87. c | 112. d |
| 13. b | 38. a | 63. d | 88. a | 113. d |
| 14. d | 39. b | 64. c | 89. b | 114. a |
| 15. c | 40. b | 65. b | 90. d | 115. d |
| 16. b | 41. a | 66. d | 91. c | 116. b |
| 17. b | 42. a | 67. a | 92. a | 117. a |
| 18. a | 43. b | 68. d | 93. d | 118. a |
| 19. c | 44. d | 69. b | 94. a | 119. b |
| 20. c | 45. d | 70. b | 95. d | 120. a |
| 21. d | 46. a | 71. c | 96. d | |
| 22. b | 47. d | 72. b | 97. b | |
| 23. c | 48. c | 73. c | 98. b | |
| 24. c | 49. d | 74. a | 99. d | |
| 25. d | 50. d | 75. c | 100. b | |

hunterswoodsPH.com